

2020

Direktoryo ng Provider at Parmasya
Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan
(Medicare-Medicaid Plan)

San Diego County



Promise Health Plan

Panimula

Isinasama nitong *Direktoryo ng Provider at Parmasya* ang impormasyon tungkol sa mga uri ng provider at parmasya sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan at mga lista ng lahat ng provider at parmasya ng plan hanggang sa petsa nitong Direktoryo. Naglalaman ang lista ng mga address at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng provider at parmasya pati na rin ng iba pang detalye gaya ng mga araw at oras ng operasyon, mga espesyalidad, at mga kasanayan. Makikita ang mga pangunahing salita at ang kanilang mga kahulugan sa pagkakasunud-sunod ayon sa alpabeto sa huling kabanata ng *Handbook ng Miyembro*.

A. Mga Pagtatatuwa ng Pananagutan

- ❖ Ang Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan ay isang planong pangkalusugan na nakikipagkontrata sa parehong Medicare at Medi-Cal upang ibigay ang mga benepisyo ng parehong programa sa mga nagpapatala.
- ❖ Ang Listahan ng Mga Sinasaklaw na Gamot at/o mga network ng botika at provider ay maaaring magbago sa buong taon. Padadalhan ka namin ng abiso bago kami gumawa ng pagbabagong makakaapekto sa iyo.
- ❖ Maaaring magbago ang mga benepisyo at/o copay sa Enero 1 ng bawat taon.
- ❖ Kabilang sa Direktoryo ang mga provider na nagbibigay ng mga serbisyo sa parehong Medicare at Medi-Cal.
- ❖ Nakatala sa Direktoryong ito ang mga health care professional (tulad ng mga doktor, nurse practitioner, at psychologist), pasilidad (tulad ng mga ospital o klinika), at provider ng suporta (tulad ng mga provider ng Kalusugan sa Araw ng Mga Nasa Hustong Gulang at Kalusugan sa Tahanan) na maaari mong makita bilang miyembro ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan. Itinatala rin namin ang mga botikang maaari mong gamitin upang makuha ang iyong mga resetang gamot.
- ❖ Tutukuyin namin ang mga grupong ito bilang “mga provider ng network” sa Direktoryong ito. Lumagda ang mga provider na ito ng kontrata sa amin upang magbigay sa iyo ng mga serbisyo. Ito ay isang listahan ng mga provider sa network ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan para sa San Diego County.

English:	If you speak English, language assistance services, free of charge, are available to you. Call 1-855-905-3825 (TTY users should call 711). 8:00 a.m – 8:00 p.m., seven days a week. The call is free.
Español (Spanish):	ATENCIÓN: si habla español, tiene a su disposición servicios gratuitos de asistencia lingüística. Llame al Blue Shield Promise Cal-MediConnect 1-855-905-3825 (TTY: 711) De 8:00 a.m. a 8:00 p.m., los siete días de la semana.
繁體中文 (Chinese):	繁體中文 (Chinese): 注意：如果您使用繁體中文，您可以免費獲得語言援助服務。請致電 Blue Shield Promise Cal-MediConnect 1-855-905-3825 (TTY: 711) 每周七天办公，每天早上8:00 至晚上8:00。这是免费电话。
Tiếng Việt (Vietnamese):	CHÚ Ý: Nếu bạn nói Tiếng Việt, có các dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí dành cho bạn. Gọi số Blue Shield Promise Cal-MediConnect 1-855-905-3825 (TTY: 711) 8 giờ sáng–8 giờ tối, 7 ngày trong tuần. HOẶC Ban.
Tagalog (Tagalog – Filipino):	PAUNAWA: Kung nagsasalita ka ng Tagalog, maaari kang gumamit ng mga serbisyo ng tulong sa wika nang walang bayad. Tumawag sa Blue Shield Promise Cal-MediConnect 1-855-905-3825 (TTY: 711) Mula 8am-8pm, 7 araw sa isang lingo.
한국어 (Korean):	주의: 한국어를 사용하시는 경우, 언어 지원 서비스를 무료로 이용하실 수 있습니다. Blue Shield Promise Cal-MediConnect 1-855-905-3825 (TTY: 711) 번으로 전화해 주십시오. 번으로 전화해 주십시오, 오후 8시, 7 일 주일 오전 8시.
Հայերեն (Armenian):	ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ՝ Եթե խոսում եք հայերեն, ապա ձեզ անվճար կարող են տրամադրվել լեզվական աջակց թյան ծառայո թյո ններ: Չանգահարեք Blue Shield Promise Cal-MediConnect 1-855-905-3825 (TTY (հեռատիպ) 711) Ից 8:00 – 20:00, շաբաթը յոթ օր
یسراف (Persian/Farsi):	توجه: اگر به زبان فارسی گفتگو می کنید، تسهیلات زبانی بصورت رایگان برای شما فراهم می باشد. با 1-855-905-3825 تماس بگیرید. 8 صبح تا 8 شب، همه روزه هفته (TTY: 711) باشد. با
Русский (Russian):	ВНИМАНИЕ: Если вы говорите на русском языке, то вам доступны бесплатные услуги перевода. Звоните Blue Shield Promise Cal-MediConnect 1-855-905-3825 (телетайп: 711) С 8:00 до 20:00, без выходных.
日本語 (Japanese):	注意事項：日本語を話される場合、無料の言語支援をご利用いただけます。Blue Shield Promise Cal-MediConnect 1-855-905-3825 (TTY:711) まで、お電話にてご連絡ください。毎日8am~8pm
ةيبرعلا (Arabic):	إذا كنت تتحدث العربية، فإن خدمات مساعدة اللغة، مجانًا، متوفرة لك. اتصل بالرقم الاتصال بالرقم 8:00 (711 صباحًا - 8:00 مساءً، TTY 1-855-905-3825) يجب على مستخدمي سبعة أيام في الأسبوع. المكالمات مجانية
ਪੰਜਾਬੀ (Punjabi):	ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਸੀਂ ਪੰਜਾਬੀ ਬੋਲਦੇ ਹੋ, ਤਾਂ ਭਾਵ ਵਿੱਚ ਸਹਾਇਤਾ ਸੇਵਾ ਤੁਹਾਡੇ ਲਈ ਮੁਫਤ ਉਪਲਬਧ ਹੈ। Blue Shield Promise Cal-MediConnect 1-855-905-3825 (TTY:711) 'ਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ। ਸਵੇਰੇ 8 ਵਜੇ ਤੋਂ ੮ ਵਜੇ ਤੱਕ, ਹਫ਼ਤੇ ਵਿੱਚ 7 ਦਿਨ
ខ្មែរ (Cambodian/Khmer):	ប្រយ័ត្ន: ប្រសិនបើអ្នកនិយាយភាសាអេស្ប៉ាញអ្នកមានសេវាកម្មជំនួយភាសាឥតគិតថ្លៃ។ ទូរស័ព្ទទៅ Cal-MediConnect 1-855-905-3825 (TTY: 711) ចាប់ពីម៉ោង 8:00 ព្រឹក ។ ម៉ោង 8 ព្រឹកម៉ោង 7 ថ្ងៃក្នុងមួយសប្តាហ៍។

Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan sa 1-855-905-3825 (TTY: 711), 8:00 a.m. to 8:00 p.m. pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect.

- ❖ Makukuha mo nang libre ang dokumentong ito sa iba pang format, gaya ng malalaking letra, braille, o audio. Tawagan ang Member Services sa 1-855-905-3825 (TTY: 711) 8:00 a.m. to 8:00 p.m. pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag.
- ❖ Maaari kang humiling na makakuha ng mga materyales sa wikang bukod sa English o sa isang alternatibong format ngayon at sa hinaharap. Upang humiling, mangyaring makipag-ugnayan sa Member Services ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan. .
- ❖ Napapanahon ang listahang ito sa petsang xx/x/xxxx, ngunit kailangan mong malaman na:
 - May ilang provider sa network ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan na maaaring nadagdag o naalis mula sa aming network pagkatapos malimbag ang Direktoryong ito.
 - May ilang provider ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan sa aming network na maaaring hindi na tumatanggap ng mga bagong miyembro. Kung nahihirapan kang maghanap ng provider na tatanggap ng mga bagong miyembro, tumawag sa Member Services at 1-855-905-3825 (TTY: 711) ay tutulungan ka namin.
 - Upang makuha ang pinakanapapanahong impormasyon tungkol sa mga provider sa network ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan sa iyong lugar, bumisita sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect o tumawag sa Member Services sa 1-855- 905-3825(TTY: 711), 8:00 a.m. to 8:00 p.m. pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag.

Nakalista ang mga doktor at iba pang health care professional sa network ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan's sa pahina x - xxx. Nakalista ang mga botika sa aming network sa pahina xxx - xxx. Magagamit mo ang Indise sa likod ng Direktoryo upang mahanap ang pahina kung saan nakalista ang provider o botika.

Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan sa 1-855-905-3825 (TTY: 711), 8:00 a.m. to 8:00 p.m. pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect.

B. Mga Provider

B1. Mahahalagang termino

Ipinapaliwanag sa seksyong ito ang mahahalagang terminong makikita mo sa aming Direktoryo ng Provider at Botika.

- Ang Mga Provider ay mga health care professional at provider ng suporta tulad ng mga doktor, nars, pharmacist, therapist at iba pang taong nagbibigay ng pangangalaga at mga serbisyo. Kabilang sa Mga Serbisyo ang medikal na pangangalaga, mga pangmatagalang serbisyo at suporta (LTSS), supply, resetang gamot, kagamitan at iba pang serbisyo.
 - Kabilang din sa terminong mga provider ang mga pasilidad tulad ng mga ospital, klinika at iba pang lugar na nagbibigay ng serbisyong medikal, kagamitang medikal at mga pangmatagalang serbisyo at suporta.
 - Ang mga provider na bahagi ng network ng aming plano ay tinatawag na mga provider sa network.
- Ang mga provider sa network ay ang mga tagapagbigay ng serbisyo na nakipagkontrata sa amin upang magbigay ng mga serbisyo sa mga miyembro sa aming plano. Sa pangkalahatan, direkta kaming sinisingil ng mga provider sa aming network para sa pangangalagang ibinibigay nila sa iyo. Kapag nagpatingin ka sa isang provider na nasa network, karaniwang: wala kang babayaran para sa mga saklaw na serbisyo.
- Ang Primary Care Physician (PCP) ay isang internist, family practitioner, general practitioner, o espesyalistang nagbibigay sa iyo ng regular na pangangalagang pangkalusugan. Itatago ng iyong PCP ang mga medikal na talaan mo at malalaman ang iyong mga pangangailangang pangkalusugan sa paglipas ng panahon. Bibigyan ka rin ng iyong PCP ng referral kung kailangan mong makakita ng espesyalista o iba pang provider.
- Ang mga espesyalista ay mga doktor na nagbibigay ng serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan para sa partikular na sakit o bahagi ng katawan. Mayroong maraming uri ng espesyalista. Narito ang ilang halimbawa:
 - Pangangalaga ng mga oncologist para sa mga pasyenteng may kanser.
 - Nangangalaga ang mga cardiologist ng mga pasyenteng may mga kondisyon sa puso.
 - Nangangalaga ang mga orthopedist ng mga pasyenteng may mga partikular na kondisyon sa buto, kasukasuan, o kalamnan.
- Ang Medikal na pangkat o hiwalay na samahan ng mga doktor (independent physician association, IPA) ay isang organinasyong binuo sa bisa ng batas sa California na nakikipagkontrata sa mga planong pangkalusugan para maghatid o mag-asikaso para sa pagkakaloob ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga nakatala sa planong pangkalusugan.

Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan sa 1-855-905-3825 (TTY: 711), 8:00 a.m. to 8:00 p.m. pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect.

- Maaari kang mangailangan ng referral upang magpatingin sa isang espesyalista o sa kaninuman na hindi mo PCP. Nangangahulugan ang referral na dapat kang bigyan ng pag-apruba ng iyong primary care physician (PCP) para magpatingin sa ibang doktor maliban sa iyong PCP. Kung hindi ka makakuha ng referral, maaaring hindi saklawan ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan ang serbisyo.
 - Hindi kailangan ng referral mula sa aming plano para sa:
 - Emergency na pangangalaga;
 - Pangangalagang maagap na kailangan;
 - Mga serbisyo ng dialysis ng bato na natatanggap mo sa isang pasilidad ng dialysis na Medicare-certified kapag nasa labas ka ng lugar ng serbisyo ng plano; o
 - Mga serbisyo mula sa espesyalista ng kalusugan ng kababaihan.
 - Lahat ng serbisyo ng pag-iwas sa sakit na nasasaklaw ng Medicare, kabilang ang mga pagsusuri at bakuna.
- Dagdag pa rito, kung karapat-dapat kang makakuha ng mga serbisyo mula sa mga Indian na provider ng kalusugan, maaari mong puntahan ang mga provider na ito nang walang referral. Dapat naming bayaran ang Indian na provider ng kalusugan para sa mga serbisyong iyon kahit na wala sila sa network ng aming plano.
 - Mababasa ang higit pang impormasyon tungkol sa mga referral sa Kabanata 3 ng Handbook ng Miyembro.
- May access ka rin sa isang Coordinator ng Pangangalaga at team ng pangangalaga na may tulong ka sa pagpili.
 - Tinutulungan ka ng Coordinator ng Pangangalaga (Care Navigator) na pamahalaan ang iyong mga medikal na provider at serbisyo.
 - Nagsisimula ang Team ng Pangangalaga sa pakikipag-ugnayan sa pagitan mo at ng iyong PCP. Maaaring kabilangan ng Team ng Pangangalaga ang isang tagapangalaga, Coordinator ng Pangangalaga, espesyalista, at iba pa, batay sa antas ng pangangailangang lumalabas sa iyong Plano ng Pangangalaga. Nagtutulungan ang lahat ng nasa team ng pangangalaga upang tiyaking naka-coordinate ang pangangalaga sa iyo. Ang ibig sabihin nito ay tinitiyak nilang minsan lang ginagawa ang mga pagsusuri at lab at naibabahagi ang mga resulta sa mga naaangkop na provider. Ibig sabihin din nito na alam dapat ng iyong PCP ang lahat ng iniinom mong gamot upang mabawasan niya ang anumang negatibong epekto. Magtutulungan ang iyong Team ng Pangangalaga upang bumuo, ipatupad at panatilihin ang iyong Plano ng Pangangalaga. Laging hihingi ng iyong pahintulot ang iyong PCP bago ibahagi ang iyong impormasyong medikal sa ibang mga provider.

B2. Pagpili ng Primary Care Physician (PCP)

Makakakuha ka ng mga serbisyo sa anumang provider na nasa aming network at tumatanggap ng mga bagong miyembro.

Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan sa 1-855-905-3825 (TTY: 711), 8:00 a.m. to 8:00 p.m. pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect.

Una, kakailanganin mong pumili ng Primary Care Physician. Maaaring espesyalista ang magsilbing iyong PCP. Maaari kang pumili ng isang espesyalista bilang iyong PCP kung sumasang-ayon ang espesyalista na ibigay ang lahat ng serbisyo na ibinibigay ng PCP ayon sa kaugalian. Upang hilingin na ang iyong espesyalista ang maging PCP mo, makipag-ugnayan sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan Member Services.

Kaanib ang mga PCP ng aming plano sa mga medikal na pangkat. Kapag pumili ka ng iyong PCP, pinipili mo na rin ang kaanib na medikal na pangkat. Ibig sabihin, ire-refer ka ng iyong PCP sa mga espesyalista o serbisyong kaanib din ng kanyang medikal na pangkat.

- Kung mayroong partikular na espesyalista o ospital na gusto mong gamitin, mahalagang tingnan kung kaanib sila sa medikal na pangkat ng iyong PCP. Maaari kang tumingin sa direktoryong ito, o magtanong sa Member Services ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan upang suriin kung ang gusto mong PCP ay gumagawa ng mga referral sa espesyalistang iyon o ginagamit ang ospital na iyon.
- Kung hindi ka mananatili sa medikal na pangkat ng iyong PCP, maaaring hindi saklawan ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan ang serbisyo.

Upang pumili ng PCP, pumunta sa listahan ng mga doktor sa pahina 1 at pumili ng doktor:

- na ginagamit mo na, o
- na inirekomenda ng isang taong pinagkakatiwalaan mo, o
- na ang mga opisina ay madali mong mapupuntahan.
- Kung gusto mo ng tulong sa pagpili ng PCP, pakitawagan ang Member Services sa 1-855- 905-3825, 8:00 a.m. to 8:00 p.m. pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag (TTY: 711). O, bumisita sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect.
- Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa kung babayaran namin ang anumang medikal na serbisyo o pangangalagang iyong gusto o kailangan, tumawag sa Customer Care at magtanong bago mo makuha ang serbisyo o pangangalaga.

B3. Mga pangmatagalang serbisyo at suporta (Long-term services and supports, LTSS)

Bilang miyembro ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan, maaari kang makakuha ng mga pangmatagalang serbisyo at suporta (LTSS), tulad ng pangangalagang pangkalusugan sa araw sa mga center na nagbibigay ng nursing, therapy, mga aktibidad at pagkain sa mga taong may mga partikular na malubhang kundisyon sa kalusugan o kundisyon sa kalusugan ng pag-iisip; Mga Pansuportang Serbisyo sa Tahanan (In-Home Supportive Services, IHSS), para sa mga taong kailangan ng personal na pangangalaga (o/at) tulong upang mabuhay nang ligtas sa tahanan; Programa ng Maraming Serbisyo sa Matatanda (Multipurpose Senior Services Program, MSSP), nagbibigay ng social na pamamahala at pamamahala sa pangangalagang pangkalusugan, para sa matatandang kliyenteng maaaring ipasok sa nursing facility na gustong manatili sa komunidad na nagbibigay ng medikal na kagamitan at supply tulad ng mga lampin at serbisyo ng medikal na transportasyon. Tinutulungan ng LTSS ang mga tao na kailangan ng tulong sa mga pang-araw-araw na gawain tulad ng pagligo, pagbihis, paghahanda ng pagkain at pag-inom ng gamot. Karamihan sa mga serbisyong ito ay ibinibigay sa iyong tahanan o sa komunidad mo ngunit maaaring ibigay sa isang nursing home o ospital.

Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan sa 1-855-905-3825 (TTY: 711), 8:00 a.m. to 8:00 p.m. pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect.

Kabilang sa mga serbisyong ito ang Mga Serbisyo sa Komunidad para sa Nasa Hustong Gulang (Community-Based Adult Services, CBAS).

Ang CBAS ay isang programang pangkalusugan sa araw na nakabatay sa komunidad na nagbibigay ng mga serbisyo sa mas matatandang tao at mga taong nasa hustong gulang na may malubhang kundisyong medikal, kognitibo, o kalusugan sa pag-iisip at/o mga kapansanang nanganganib na mangailangan ng pangangalagang institusyonal.

Upang mag-apply para sa CBAS, mangyaring tumawag sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan 1-855-905-3825 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. pitong araw sa isang linggo.

Kabilang sa iba pang pangmatagalang serbisyo at suporta na ibinibigay ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan ang Multipurpose Senior Services Program (MSSP). Ang MSSP ay isang Medicaid Waiver na programang pangangasiwa ng kaso para sa matatanda na edad 65 at mas matanda na karapat-dapat para sa Medi-Cal at maaaring mapatunayan para sa paglalagay sa isang pasilidad ng pagkalinga (nursing facility) ngunit nagnanais na manatiling naninirahan sa komunidad. Nakikipagtulungan ang mga Tagapamahala ng Pangangalaga ng MSSP sa mga benepisyaryo, sa mga miyembro ng kanilang pamilya, at sa medical team upang tukuyin at isaayos ang mga serbisyo sa tahanan; Ang Pangmatagalang Pangangalaga/Taga-ingat (Long-Term Care/Custodial, LTC) ay ang pagbibigay ng mga serbisyong pangangalagang medikal, pakikisalamuha at personal na ibinibigay sa mga tumatanggap ng Medi-Cal na hindi makapamuhay nang ligtas sa tahanan ngunit hindi kailangang maging nasa ospital. Inilalagay ang mga indibidwal sa antas ng pangangalaga na pinakaangkop para sa kanilang mga pangangailangang medikal at kabilang ang mga Pasilidad ng may Kasanayang Pagkalinga na (Skilled Nursing Facilities, SNF), Mga Pasilidad para sa Sub-Acute, at Mga Pasilidad na Intermediate Care. Upang maghanap ng mga provider ng mga serbisyong ito, pumunta sa pahina 905 sa Direktoryong ito.

Ang buong listahan ng mga serbisyong ito ay makikita sa Kabanata 4 ng iyong Handbook ng Miyembro.

B4. Paano tukuyin ang mga provider sa network ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan

Dapat mong makuha ang lahat ng iyong nasasaklaw na serbisyo mula sa mga provider sa loob ng aming network na kaanib sa medikal na pangkat ng iyong PCP. Kung pupunta ka sa mga provider na wala sa network ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan at hindi kaanib sa medikal na pangkat ng iyong PCP (nang walang paunang awtorisasyon o pag-apruba galing sa amin), ikaw ang magbabayad ng singilin.

Ang **paunang awtorisasyon** ay isang pag-apruba mula sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan bago ka makakuha ng partikular na serbisyo o gamot o magpatingin sa isang provider na wala sa network. Maaaring hindi saklawin ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan ang serbisyo o gamot kung hindi ka maaaprubahan.

Ang mga pagbubukod sa panuntunang ito ay kapag kailangan mo ng maagap o pang-emergency na pangangalaga o dialysis at hindi makapunta sa isang provider sa plano, gaya ng kapag wala ka sa iyong tahanan. Maaari ka ring lumabas sa plano o sa iyong

Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan sa 1-855-905-3825 (TTY: 711), 8:00 a.m. to 8:00 p.m. pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect.

medikal na pangkat ng PCP kung pahihintulutan ka muna ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan.

Maaari kang mangailangan ng referral upang magpatingin sa taong hindi Primary Care Physician. Marami pang impormasyon tungkol sa mga referral sa Seksyon B1, Mahahalagang termino, ng Direktoryong ito sa pahina 0.

- Maaari kang magpalit ng mga provider sa loob ng network anumang oras sa buong taon. Kung pumupunta ka na sa isang provider sa network, hindi mo kailangang magpatuloy sa parehong provider. Para sa ilang provider, maaari kang mangailangan ng referral mula sa iyong PCP. Magkakaroon ng bisa ang pagpapalit ng PCP sa unang araw ng susunod na buwan, sa kundisyon na matatanggap namin ang iyong hiling bago ang ika-20 ng kasalukuyang buwan. Upang magpalit ng iyong PCP, tawagan ang Customer Care. Kapag tumawag ka, siguruhing sabihin sa Customer Care kung nagpapatingin ka sa isang espesyalista o kung nakakatanggap ka ng iba pang nasasaklaw na serbisyo na nangangailangan ng pag-apruba ng PCP (gaya ng mga serbisyo sa kalusugan sa tahanan at matibay na medikal na kagamitan). Makakatulong ang Customer Care na matiyak na maipagpapatuloy mo ang iyong pangangalaga ng espesyalista at iba pang serbisyo kapag nagpalit ka ng iyong PCP. Titiyakin din ng Member Services kung ang ipapalit mong PCP ay tumatanggap ng mga bagong pasyente. Babaguhin ng Member Services ang iyong rekord sa pagiging miyembro upang ipakita ang pangalan ng bago mong PCP at upang sabihin sa iyo kung kailan magkakaroon ng bisa ang pagpapalit mo ng PCP. Magpapadala rin sa iyo ang Member Services ng bagong membership card kung saan ipinapakita ang pangalan at numero ng telepono ng bago mong PCP.
- Tandaang kaanib ang mga PCP ng aming plano sa mga medikal na pangkat. Kung nagpalit ka ng PCP, maaaring nagpalit ka rin ng medikal na pangkat. Kapag hinihiling mo ang pagpapalit, tiyaking sabihin sa Member Services kung nagpapatingin ka sa espesyalista o kukuha ka ng iba pang nasasaklaw na serbisyong nangangailangan ng pag-apruba ng PCP. Makakatulong ang Member Services na matiyak na maipagpapatuloy mo ang iyong pangangalaga ng espesyalista at iba pang serbisyo kapag nagpalit ka ng PCP.
- Nakikipagtulungan ang Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan sa lahat ng provider sa aming network upang maasikaso ang mga pangangailangan ng mga taong may kapansanan. Kung naaangkop, kabilang sa listahan ng mga provider sa network sa Direktoryong ito ang impormasyon tungkol sa mga pag-aasikasong kanilang ibinibigay.
- Kung kailangan mong magpatingin sa isang provider at hindi ka sigurado kung inaalok nila ang mga pag-aasikasong kailangan mo, matutulungan ka ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan. Makipag-usap sa iyong Care Navigator, para sa tulong o tumawag sa Member Services sa 1-855-905-3825 (TTY:711) 8:00 a.m. to 8:00 p.m. seven days a week.

B5. Paano mahanap ang mga provider ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan sa inyong lugar

Parehong tinatanggap ng lahat ng provider na nakalista sa direktoryong ito ang Medicare

Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan sa 1-855-905-3825 (TTY: 711), 8:00 a.m. to 8:00 p.m. pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect.

at Medi-Cal. Ang mga provider sa direktoryong ito ay nakaayos ayon sa alpabeto ayon sa Medikal na Pangkat/IPA, pagkatapos ay ayon sa Primary Care Physician (PCPs) at nakalista ayon sa alpabeto ayon sa apelyido sa bawat lungsod. Ang mga espesyalista ay nakalista ayon sa uri ng espesyalidad at ayon sa lungsod. Sa pamamagitan ng paghahanap sa lungsod kung saan ka nakatira, mahahanap mo ang mga doktor na nakalista sa iyong lugar.

Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan sa 1-855-905-3825 (TTY: 711), 8:00 a.m. to 8:00 p.m. pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect.

B6. Listahan ng mga provider sa network

Naglalaman ang direktoryong ito ng mga provider sa network ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan ng:

- Mga health care professional kabilang ang mga primary care physician, espesyalista at mga provider para sa kalusugan ng pag-uugali at paningin
- Mga Pasilidad kabilang ang mga ospital, nursing facility, skilled nursing facility, pasilidad ng kalusugan ng pag-iisip; at
- Mga provider ng suporta kabilang ang mga serbisyo sa mga nasa hustong gulang sa araw, pamumuhay nang may tulong, serbisyong idinidirekta ng consumer, pagkaing inihahatid sa tahanan at ahensya ng kalusugan sa tahanan.

Nakalista ang mga provider sa pagkakasunud-sunod na ayon sa alpabeto ayon sa apelyido. Makikita mo rin ang pangalan ng provider at ang pahina kung saan naroon ang karagdagang impormasyon ng pakikipag-ugnayan ng provider sa Indise sa dulo ng Direktoryo. Nakalista rin ang mga provider sa pagkakasunud-sunod na ayon sa alpabeto ayon sa apelyido sa Indise. Bilang karagdagan sa impormasyon ng pakikipag-ugnayan, kabilang din sa listahan ng provider ang mga espesyalidad at kasanayan, halimbawa, gaya ng mga wikang ginagamit o pagtatapos ng pagsasanay sa kakayahang pangkultura.

Ang pagsasanay sa kakayahang pangkultura ay karagdagang pagtuturo para sa aming mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na nakakatulong sa kanila na mas mahusay na maunawaan ang iyong karanasan, mga pagpapahalaga at mga paniniwala upang umangkop sa iyong mga pangangailangang panlipunan, pangkultura at wika.

B7. Ang iyong Mga Karagdagang Benepisyo

Sinasaklaw ng iyong plan ang mga karagdagang benepisyo na kabilang ang paningin at mga serbisyong acupuncture/chiropractic. Malamang na kakailanganin mong gumamit ng mga partikular na provider para sa mga karagdagang benepisyong ito. Nakalista ang mga provider sa direktoryong ito. Nakalista sa ibaba ang iba pang karagdagang serbisyo. Bago ka gumawa ng isang appointment o gumamit ng mga serbisyo, tingnan ang iyong Katibayan ng Saklaw (Evidence of Coverage) o tumawag sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan at 1-855-905-3825 (TTY: 711), 8:00 a.m. to 8:00 p.m. pitong araw sa isang linggo para sa mga detalye tungkol sa mga benepisyo, limitasyon at pagbubukod ng plano. Kung hindi kasama sa iyong plan ang mga karagdagang benepisyo at pumunta ka sa isa sa mga provider na ito, HINDI masasaklaw ang mga serbisyo sa iyo.

Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan sa 1-855-905-3825 (TTY: 711), 8:00 a.m. to 8:00 p.m. pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect.

<p>Mga Produktong Over-the Counter Ang mga ito ay mga produktong over-the counter na hind saklaw ng Medicare o Medi-Cal at hindi nakalista sa Tier 3 ng aming Pormularyo.</p>	<p>CVS 1-888-628-2770 (TTY: 711) Lunes hanggang Biyernes, 9 a.m. and 5 p.m. (PT)</p>
<p>Sistema ng Personal na Pagtugon sa Emergency (PERS)</p>	<p>LifeStation 1-855-672-3269(TTY:711) 24 hours, 7 araw sa isang linggo</p>
<p>Pagiging miyembro sa fitness Silver Sneakers Ang Tivity Health at SilverSneakers ay mga nakarehistrong trademark o mga trademark ng Tivity Health, Inc., at/o mga subsidiary nito at/o mga kaanib na nasa USA at/o ibang bansa</p>	<p>Tivity Kung miyembro ka o gustong malaman kung karapat-dapat ka: 888-423-4632, Lunes – Biyernes, 8 a.m. – 8 p.m. EST. support@silversneakers.com</p>
<p>Teladoc</p>	<p>Maaari kang makipag-ugnay sa Teladoc sa pamamagitan ng telepono sa 1-800-Teladoc 24/7 o sa pamamagitan ng ligtas na online na video sa www.teladoc.com/bsc, mula 7 a.m. hanggang 9 p.m. lokal na Oras</p>

Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan sa 1-855-905-3825 (TTY: 711), 8:00 a.m. to 8:00 p.m. pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect.

C. Listahan ng network ng mga botika

Nagbibigay ang Direktoryo ng listahan ng mga botika sa network ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan. Ang mga botikang ito sa network ay mga botikang sumang-ayong magbigay ng mga resetang gamot sa iyo bilang miyembro ng plano.

- Dapat gumamit ang mga miyembro ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan ng mga botika sa network upang makakuha ng mga resetang gamot..
 - Dapat kang gumamit ng mga botika sa network maliban sa mga sitwasyon na emergency o maagap na pangangalaga. .
 - Kung pumunta ka sa isang botika sa labas ng network para sa mga resetang gamot kung kailan hindi emergency, kailangan mong magbayad para sa serbisyo. Basahin ang Blue Shield Promise Cal MediConnect Handbook ng Miyembro para sa karagdagang impormasyon..
- Maaaring hindi nakalista ang ilang botika sa network sa Direktoryong ito.
 - May ilang parmasya sa network na maaaring nadagdag o naalis mula sa aming plan pagkatapos ilathala ang Direktoryong ito.

Para sa napapanahong impormasyon tungkol sa mga botika sa network ng Blue Shield Promise Cal MediConnect sa iyong lugar, pakibisita ang aming web site sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect o tumawag sa Member Services sa 1-855- 905-3825 (TTY: 711), 8:00 a.m. to 8:00 p.m. pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag.

Upang makakuha ng kumpletong paglalarawan ng iyong nasasaklaw na reseta, kabilang ang kung paano punan ang iyong mga reseta, pakibasa ang Handbook ng Miyembro at Listahan ng Mga Saklaw na Gamot ng Blue Shield Promise Cal MediConnect. Makikita ang listahan ng mga Gamot sa website sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect o maaaring mag-order sa pamamagitan ng pagtawag sa Member Services sa 1-855- 905-3825 (TTY: 711), 8:00 a.m. to 8:00 p.m. pitong araw sa isang linggo.

C1. Paano tukuyin ang mga botika sa network ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan

Kasama ng mga tingiang botika, kabilang sa network ng mga botika ng iyong plano ang:

- Nagpapadala ang mga botikang mail-order ng mga saklaw na resetang gamot sa mga miyembro sa pamamagitan ng koreo o mga kompanya ng shipping.
- Naghahanda ang mga botikang pag-iiniksiyon sa tahanan (home infusion pharmacy) ng mga resetang gamot na ibinibigay sa pamamagitan ng ugat, sa kalamnan, o sa isa pang paraan na hindi sa bibig ng isang nagsanay na provider sa iyong tahanan.
- Naglilingkod ang mga botikang pangmatagalang pangangalaga (LTC) sa mga residente ng mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga, gaya ng mga nursing home.
- Mga botika ng Indian Health Service / Tribal / Urban Indian Health Program (I/T/U).

Hindi mo kinakailangang magpatuloy na pumunta sa iisang parmasya upang punan ang iyong mga reseta.

Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan sa 1-855-905-3825 (TTY: 711), 8:00 a.m. to 8:00 p.m. pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect.

C2. Mga pangmatagalang supply ng mga reseta

- Mga Mail-Order na Programa. Nag-aalok kami ng mail order na programang nagbibigay-daan sa iyong makakuha ng pang-90 araw na supply ng iyong mga resetang gamot na direkta sa iyong tahanan. Pareho ang copay ng pang- 90 araw na supply sa pang-isang buwang supply. Hindi available ang lahat ng gamot sa karagdagang araw ng supply na ito. Mangyaring makipag-ugnayan sa plano para sa higit pang impormasyon.
- Mga Programa ng Pang-90 Araw na Tingiang Botika. Maaari ding mag-alok ang ilang tingiang botika ng hanggang pang-90 araw na supply ng nasasaklaw na resetang gamot. Pareho ang copay ng pang-90 araw na supply sa pang-isang buwang supply. Hindi available ang lahat ng gamot sa karagdagang araw ng supply na ito. Mangyaring makipag-ugnayan sa plano para sa higit pang impormasyon

Ang kabuuang network ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan ay binubuo ng sumusunod:

Kabuuang bilang ng mga PCP: 490

Kabuuang bilang ng mga espesyalista: 2136

Kabuuang bilang ng mga ospital: 18

Kabuuang bilang ng mga skilled nursing facility: 56

Kabuuang bilang ng mga nursing facility: 56

Kabuuang bilang ng mga provider ng pangmatagalang serbisyo at suporta: 0

Kabuuang bilang ng mga Tagapaglaan ng acupuncture: 704

Kabuuang bilang ng mga Pasilidad ng kalusugan ng pag-iisip: 84

Kabuuang bilang ng mga Tagapaglaan para sa kalusugan ng pag-iisip: 168

Kabuuang bilang ng mga serbisyo ng kalusugan sa tahanan: 15

Kabuuang bilang ng mga provider para sa paningin: 306

Kabuuang bilang ng mga provider para sa ngipin: 0

Kabuuang bilang ng mga tingian at malakihang botika: 418

Kabuuang bilang ng mga mail order na botika: 1

Kabuuang bilang ng mga home infusion na botika: 4

Kabuuang bilang ng mga botika para sa pangmatagalang pangangalaga: 21

Kabuuang bilang ng mga I/T/U na Botika: 4

Ang mga provider sa direktoryong ito ay nakaayos ayon sa alpabeto ayon sa medikal na pangkat. Maaari kang makakuha ng mga serbisyo mula sa alinmang provider sa listahang ito na kaanib sa medikal na pangkat ng iyong PCP. Para sa ilang serbisyo, maaari kang mangailangan ng referral mula sa iyong PCP.

Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan sa 1-855-905-3825 (TTY: 711), 8:00 a.m. to 8:00 p.m. pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect.